

Alameda CTC: Naglilingkod para sa Inyo



Ang bagong Transportation Expenditure Plan (TEP)
Ang Measure B1 ay ihahain sa harap ng mga botante ng Alameda County sa Nobyembre 2012 para sa mahigit na \$7.8 bilyon upang:

- Ipanumbalik at palawakin ang mga serbisyo ng pampublikong transportasyon
- Ayusin ang mga lubak na daan at bawasan ang pagsisiksikan sa highway
- Palawakin ang mga daan para sa bisikleta at taong naglalakad
- Pag-ugnayin ang transit, pabahay at mga trabaho

Ang mga pondo sa proyekto ay karampatang ipamahagi sa buong County, na pakikinabangan ng bawat lungsod at komunidad sa Alameda County.

Ang 2012 TEP, kasabay ng Measure B1, ay tumutugon sa maraming pangangailangan ng transportasyon sa Alameda County. Kontrolado ng lokal, ang inaasahang pondo ay kukumpleto sa mga proyekto na pakikinabangan ng mga lokal na residente at negosyo. **Ang pondo ay hindi maaaring gamitin para sa anumang bagay maliban sa lokal na transportasyon at hindi ito maaaring kunin ng Estado.**

Lahat ng 2012 TEP na Pondo ay protektado ng:

- Independent Watchdog Committee oversight
- Taunang independiyenteng odit
- Pagrepaso at pag-apruba ng botante sa lahat ng bagong mga plano ng proseso ng paggasta (expenditure)
- Mahigpit na mga deadline sa proyekto
- Lahat ng mga desisyon sa pagpondo ay isinasagawa sa mga pampublikong pulong

Alameda CTC: Nagpaplano, Nagpopondo at Nagkakaloob ng Serbisyo ng Transportasyon



Mga proyektong kamakailan lang nakumpleto at kasalukuyang isinasagawa:

- Mga proyekto sa pagkonekta ng BART sa Warm Springs at Oakland Airport
- Mga pagpapabuti ng serbisyo ng tren, bus, at ferry
- Pagpapalawak ng I-238 highway
- Pagpapabuti ng I-580, I-680 at Route 84
- Pagpapabuti sa kaligtasan ng lokal na daanan ng mga sasakyan
- Pagpapabuti sa daanan ng bisikleta at lakaran sa buong Alameda County
- Pagsasara ng mga puwang sa Iron Horse Trail, East Bay Greenway at Bay Trail
- Pagpapalawak ng serbisyo para sa matatanda at mga taong may-kapansanan



Para sa Karagdagan pang Impormasyon

(510) 208-7400
www.AlamedaCTC.org
Sundan kami sa
[Facebook.com/AlamedaCTC](https://www.facebook.com/AlamedaCTC)
Twitter @AlamedaCTC

TRANSPORTASYON PARA SA IKA-21 SIGLO

Pagsulong sa Hinaharap

Mga Trabaho



Madaliang Pagkilos

Komunidad



**Ang Bagong Plano
sa Transportasyon ng
Alameda County**

Alameda CTC: Mananagot sa Inyo



Ang Alameda County Transportation Commission (Alameda CTC) ay nagpaplano, nagpopondo at nagsasagawa ng pagpapabuti ng transportasyon sa buong Alameda County. Ang komisyon ay binubuo ng 22 miyembro:

- Mga miyembro ng konseho ng lungsod na kumakatawan sa lahat ng 14 na lungsod ng Alameda County
- Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng Alameda County (Board of Supervisors)
- Mga kinatawan ng BART at AC Transit

Ang apat na komite ng tagapayo ng komunidad ay nagkakaloob ng mga rekomendasyon at impormasyon sa pagpaplano at nagpopondo ng mga prayoridad sa komisyon, at ang Alameda CTC ay nakikipagtulungan sa mga negosyo, miyembro ng kominidad at interesadong kalahok sa pagsasagawa ng mga proyekto at programa ng transportasyon sa County. Ang Alameda CTC ay may matibay na programang lokal sa pagkontrata na sumusuporta sa lokal na mga negosyo at trabaho.

Ang Alameda CTC ay may 100% MALINIS NA ODIT ayon sa patotoo ng mga independiyenteng oditor at Independent Watchdog Committee nito. Masinop na ginagasta ng Alameda CTC ang inyong dolyar na buwis.

Ang bagong Plano ng Transportasyon para sa Alameda County: Ang 2012 TEP



Tumutupad sa Pangako

Noong 2000, 81.5% ng mga botante ng Alameda County ay inaprubahan ang kalahating-sentmo ng local sales tax para sa transportasyon, na magtatapos sa 2022. **Lahat ng pangunahing proyekto na inaprubahan ng mga botante ay nakumpleto na o kasalukuyang isinasagawa—10 taon na nauuna sa iskedyul!** Ngunit patuloy pa rin ang ating pangangailangan sa transportasyon, at ang pondo mula sa estado at pederal ay bumababa at hindi maasahan.

Ang Bagong Plano ng Transportasyon sa ika-21 Siglo

Ang Alameda CTC ay namuno sa isang malawak na pampublikong proseso sa buong county upang matukoy ang mga proyekto at prayoridad para sa 2012 Transportation Expenditure Plan (TEP), na gumagabay sa Measure B1. Halos 2000 residente at grupo na kumakatawan sa mga matatanda, taong may-kapansanan, mga organisasyon na nagtataguyod ng pagbibisikleta, kapaligiran, edukasyon at pananampalataya, mga negosyo, at hurisdiksiyon ay lumahok sa pagbuo ng 2012 TEP.

Pamumuhunan sa Transportasyon para sa Inyo

Mga Trabaho – Kaunlaran sa Ekonomiya – Madaliang Pagkilos – Karapatan sa Paggamit – Komunidad

Kung ang Measure B1 ay aprobahan ng mga botante sa Nobyembre 2012, ang 2012 TEP ay magkakaloob ng humigit-kumulang na \$7.8 bilyon na pondo para sa susunod na 30 taon upang madagdagan ang madaliang pagkilos, paglikha ng mga trabaho, bawasan ang pagsisiksikan at protektahan ang kapaligiran.

- **Pampubliko at Espesyal na Transportasyon [Public Transit & Specialized Transit] (48% - \$3.7 bilyon)**
 - Ipanumbalik at palawakin ang serbisyo ng bus, BART, ferry at tren
 - Dagdagan ang pondo para sa operasyon ng AC Transit, ACE*, BART, WETA**, WHEELS at Union City Transit
 - Lumikha ng mga bagong programa para sa pases ng estudyante sa transit
 - Palawakin ang mga serbisyo ng transportasyon para sa matatanda at mga taong may-kapansanan (paratransit)
- **Lokal na mga Lansangan at Kalye [Local Streets & Roads] (30% - \$2.3 bilyon)**
 - Mapagbuti ang mga pangunahing koridor ng sasakyan at kalye sa lahat ng lungsod sa Alameda County, kabilang ang paglalalagat at muling paglalalagat ng konkreto/aspalto, at karagdagan kaligtasan
 - Itugma (retrofit) sa sismolohiya ang lokal na mga tulay
- **Episyente ng Highway at Paghahatid ng Kargada [Highway Efficiency & Freight] (9% - \$677 milyon)**
 - Ayusin ang mga lumang impra-istruktura, isara ang mga puwang, at mapagbuti ang episyente ng bawat highway koridor sa Alameda County
 - Suportahan ang kaunlaran ng ekonomiya sa pamamagitan ng pamumuhunan sa transportasyon
 - Mapagbuti ang kakayahan at kaligtasan ng mga ruta ng trak
- **Impra-istruktura at Kaligtasan ng Bisikleta at Taong Naglalakad [Bicycle and Pedestrian Infrastructure & Safety] (8% - \$651 milyon)**
 - Kumpletuhin ang mga pangunahing daanan ng nagbibisikleta/naglalakad Horse Trail, Bay Trail at East Bay Greenway)
 - Mapagbuti ang kaligtasan at karapatan sa paggamit ng mga nagbibisikleta at naglalakad sa bawat lungsod
 - Suportahan ang programa ng Ligtas na Ruta sa mga Paaralan (Safe Routes to Schools)
- **Pang-matagalang Gamit ng Lupain at Ugnayan ng Transportasyon [Sustainable Land Use & Transportation Linkages] (4% - \$300 milyon)**
 - Gawing moderno at mapagbuti ang mga Estasyon ng BART
 - Mapagbuti ang mga ugnayan sa pagitan ng transit, pabahay at mga trabaho
- **Teknolohiya, Inobasyon at Kaunlaran [Technology, Innovation & Development] (1% - \$77 milyon)**
 - Bawasan ang pagsisiksikan at emisyon ng greenhouse gas
 - Ipatupad ang bagong teknolohiya upang madagdagan ang episyenteng transportasyon

*Altamont Commuter Express rail **Water Emergency Transportation Authority (serbisyo ng ferry)

Lokal na Sales Tax para sa Lokal na Pangangailangan



NOBYEMBRE 1986

Pag-apruba ng mga botante sa unang ½% na sales tax

Mga pondo na ginamit para sa mga proyekto at programa ng transportasyon sa Alameda County



NOBYEMBRE 2000

81.5% ng mga botante ay inaprubahan ang ekstensiyon ng sales tax

Ang mga pangunahing proyekto ay natapos na o isinasagawa—10 taon na nauuna sa iskedyul

Aprobadong mga proyekto na isinasagawa o nakumpleto—nasa badyet at nauuna sa iskedyul!

Nobyembre 2012 Measure B1 sa balota

Ang Alameda CTC ay inaprubahan ang paglalagay ng sumusunod na panukala sa balota: Dapat bang ipatupad ang bagong Transportation Expenditure Plan upang matugunan ang kasalukuyan at hinaharap na pangangailangan ng transportasyon na:

- Magpapabuti sa paggamit ng pampublikong transportasyon papunta sa mga trabaho at paaralan;
- Mag-aayos sa mga kalye, mapagbuti ang mga highway at madagdagan ang kaligtasan ng mga nagbibisikleta at naglalakad;
- Magbabawas ng trapiko at magpapabuti ng kalidad ng hangin;
- Magpapanatili na makaya ang pasahe ng mga matatanda, kabataan, at may-kapansanan.

Ang pag-apruba ay magbibigay ng ekstensiyon sa kasalukuyang sales tax ng Alameda County at magdaragdag ng 1/2 sentimo, na may independiyenteng oversight, at mga programa sa paglikha ng lokal na mga trabaho. Walang pera ang maaaring kunin ng estado.



Pagpondo para sa pampublikong transportasyon




Pagpondo para sa lokal na mga lansangan at kalye



Pagpondo para sa pagiging episyente ng highway



Pagpondo ng impra-istruktura para sa bisikleta at taong naglalakad



Pagpondo para sa ugnayan ng transportasyon, pabahay at mga trabaho



Pagpondo para sa teknolohiya at inobasyon